Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN

Nobyembre 22, 2022

Para sa: Hepe ng CID at SGOD
Lahat ng Kawani ng Tanggapang Pansangay ng Bulacan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong
Paaralang Elementarya at Sekundarya

1. Ipinababatid ang pakikiisa ng buong Sangay ng Bulacan sa pagdiriwang ng *"Orange Day"* (No To VAWC) batay sa *Memorandum DRF-11162022-410* na nilagdaan ng Punong Lalawigan ng Bulacan Igg. Danuel R. Fernando at nakaugnay sa Kapasiyahan Blg. 094-T'18 ng Sangguniang Panlalawigan, na isinasagawa tuwing ika-25 ng Nobyembre bawat taon at tuwing ika-25 ng bawat buwan.

2. Ito ay bilang pagsuporta sa adbokasiya laban sa *Violence Against Women and Children (VAWC).*

3. Kaugnay nito, hinihikayat ang pagsusuot ng kulay *orange* na kasuotan o anumang palamuti na may kulay nito sa nabanggit na petsa, gayundin ang paglalagay ng *banner* ng *Anti-VAWC* sa mga pampubliko at pribadong paaralan.

4. Para sa kabatiran at kaukulang pagtalima ng lahat.

**ROWENA T. QUIAMBAO, CESE**
Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Nanunumparang Opisyal
Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan

Liham Pansangay Bilang 115 s. 2022

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
LUNGSOD NG MALOLOS

# TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

DepEd - SDO of Bulacan RECEIVED NOV 22 2022 DepEd SDO of Bulacan Office of the SDS

RECEIVED NOV 22 2022 By: Time:

Nobyembre 16, 2022

**MEMORANDUM** : **DRF-11162022-** 410

**PARA SA** : **LAHAT NG PUNONG BAYAN/PUNONG LUNGSOD**
**LAHAT NG PUNONG BARANGAY**
**LAHAT NG PINUNO NG TANGGAPAN**
Pamahalaang Panlalawigan at Nasyunal
**LAHAT NG PAMPUBLIKO AT PRIBADONG PAARALAN**
**LAHAT NG PRIBADONG TANGGAPAN**
Lalawigan ng Bulacan

**PAKSA** : **PAGDIRIWANG NG "*ORANGE DAY*" (*NO TO VAWC*)**

---

Ito ay may kinalaman sa **Kapasiyahan Blg. 094-T'18** – Isang Kapasiyahan na Magalang na Hinihiling na Gunitain ng mga Ahensiya ng Pamahalaan at mga Pribadong Kumpanya sa Lalawigan ng Bulacan ang ***"Orange Day" (No to VAWC)*** Tuwing Ika-25 ng Nobyembre Bawat Taon at Tuwing Ika-25 ng Bawat Buwan sa Pamamagitan ng Pagsusuot ng Kulay *Orange* na Kasuotan o Anumang Palamuti na may Kulay Nito.


Kaugnay nito, hinihiling ng inyong lingkod ang inyong pakikiisa at pagsuporta sa adbokasiya laban sa *Violence Against Women and Children (VAWC)*. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapabatid sa inyong mga nasasakupan tungkol sa pagsusuot ng kulay *orange* na kasuotan o anumang palamuti na may kulay nito sa nabanggit na petsa. Hinihikayat din ang paglalagay ng *banner* ng *Anti-VAWC* sa mga pampublikong lugar at pribadong establisyemento.

Para sa mga katanungan, maaari kayong makipag-ugnayan kay **Bb. Katherine G. Faustino**, *Focal Person on Gender* at *Secretariat* ng Panlalawigang Komisyon para sa Kababaihan ng Bulacan (PKKB) sa mga numerong **0916-234-8154/0961-806-1237** o sa *email address* na pkkbulacan@gmail.com. Kalakip ang sipi ng Kapasiyahan Blg. 094-T'18 para sa inyong reperensiya.

Para sa inyong kaalaman at patnubay.

**DANIEL R. FERNANDO**
Punong Lalawigan

**#ThePeoplesGovernor**
2F Capitol Building, Guinhawa,
City of Malolos, Bulacan 3000
Telephone no.: +63 44 791 8148/49/50
Fax No.: +63 44 791 0853





danielfernando.bulacan
www.bulacan.gov.ph

"Sipag at Tapat na Naglilingkod sa Inyo."